

Mga Serbisyong Magagamit mula sa DVR

Naghahandog ang DVR ng iba-ibang serbisyo upang matulungan kang maghanda, magkaroon at magpanatili ng trabaho. Nakasalalay sa iyong mga indibidwal na pangangailangan at mga pangyayari ang mga serbisyong ginagamit mo. Maaaring magbigay sa iyo ang DVR ng impormasyon na kinakailangan upang matulungan ka sa pagpapasya kung aling mga serbisyo ang kailangan mo upang maabot ang iyong layunin sa trabaho. Kabilang dito ang:

Mga serbisyo sa pagsusuri upang sukatin ang iyong mga kalakasan, kakayahan, kasanayan sa trabaho at mga interes at upang maalalayan ka sa pagpili ng layunin sa trabaho at ng mga serbisyong kailangan mo upang makamit ang layuning ito.



Mga benepisyong pagpapalano ng mga serbisyo upang matulungan kang maunawaan kung paano makakaapekto sa salaping pang-alalay sa kapansanan o mga benepisyong medikal (hal. Supplementong Kita sa Seguridad o Social Security Disability Insurance) na natanggap mo.

Mga serbisyong pagpapayo at gabay na ibinigay sa buong proseso ng rehabilitasyon upang matulungan kang gumawa ng magagandang desisyon tungkol sa kung paano maabot ang iyong layunin.

Malayang mga serbisyo sa pamumuhay upang matulungan kang maunawaan ang mga hamon sa kapansanan na humahadlang sa iyo na makapagtrabaho. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagsasanay sa pamamahala ng oras.
- Pagsasanay sa pag-intindi ng mga limitasyon ng kapansanan.
- Pag-access ng mga mapagkukunan sa komunidad

Mga serbisyong pantulong na teknolohiya upang matulungan kang alisin ang komunikasyon at/o mga pisikal na hadlang na maaaring pumigil sa iyo sa pagkuha at pagpapanatili ng trabaho na gusto mo. Maaaring kasama sa mga ito ang mga device tulad ng mga pantulong sa pandinig, pantulong sa paningin o espesyal na software ng computer. Maaari mong galugarin kasama ng iyong tagapayo kung paano makakatulong ang teknolohiya sa iyo na maabot ang iyong layunin sa trabaho.

Bokasyonal na Pagsasanay, Pagkatapos ng Sekundaryang Edukasyon at Pagsasanay-Nang-Nagtatrabaho na mga oportunidad upang matulungan kang bumuo ng mga kasanayan at tumugon sa mga kwalipikasyon.

Mga serbisyo sa paglalagay ng trabaho upang matulungan kang isagawa ang paghahanap ng trabaho, kabilang ang:

- Pag-alalay sa pagkumpleto ng mga aplikasyon sa trabaho.
- Pagbuo ng resume.
- Pagsasanay sa mga kasanayan ng pakikipanayam at pagtukoy ng mga oportunidad sa trabaho.

Mga serbisyo sa pagtatransisyon ng mga Kabataan at HS upang matulungan ka SA PAGLIPAT mula sa high school tungo sa lugar ng trabaho.



Misyon

Pagbabago ng buhay sa pamamagitan ng pagtulong sa mga indibidwal na may kapansanan upang lubos na makilahok sa kanilang mga komunidad sa pamamagitan ng makabuluhang trabaho.

Bisyon

Mga estudyante, kabataan at mga taong may kapansanan ay binibigyan ng lakas ng loob upang mangarap nang mataas at abutin ang kanilang mga layunin sa trabaho.

Mga pinapahalagahang asal

- **Katapatan** sa pamamagitan ng klaro at matapat na komunikasyon sa mga customer, staff at kasosyo.
- Ang pagkilos **nang may Integridad**, pinapangatawanan ang mga etika at asal ng ating propesyon.
- Pagtataguyod ng kultura ng **Pagbibigay-kapangyarihan** sa mga customer at staff.
- Pagsusulong ng mga gawain sa rehabilitasyon sa pamamagitan ng **Inobasyon**.
- **Pakikipagtulungan** sa mga customer, staff at kasosyo nang may kalalabasan.
- Paninindigan sa **Ekidad, Pagkakaiba, Access at Inklusyon** sa lahat ng anyo nito upang makamit ang kahusayan.

Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan
at Pangkalusugan sa Estado ng Washington
Dibisyon ng Bokasyonal na Rehabilitasyon
PO Box 45340 • Olympia, WA 98504-5340
1-800-637-5627 • Relay ng Washington: 711
DVRCSR@dshs.wa.gov • dshs.wa.gov/dvr

Nagbibigay Ng Mga Serbisyo Ng DVR Mula 1933

Ginagamit ang mga pondo ng Estado at Pederal upang maihatid ang mga serbisyo ng DVR. Tumatanggap ang programa ng VR ng humigit kumulang na 78 porsyento sa mga pondo ng Pederal at 22 porsyento sa mga pondo ng Estado. Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa halaga ng dolyar ng mga Pederal na pondo para sa programa, mangyaring bisitahin ang <https://rsa.ed.gov/fiscal/grant-awards>

Gamitin ang Iyong mga Kakayahan



*Kagawaran ng Estado ng Washington
ng mga Serbisyong Panlipunan
at Pangkalusugan Dibisyon
ng Bokasyonal na Rehabilitasyon*



Transforming lives

Tama ba para sa iyo ang DVR?

Tungkol sa DVR

Ang DVR ay isang pang-estadong mapagkukunan ng pag-alalay sa mga taong may kapansanan upang maghanda, makasiguro, magpanatili, at magpatuloy o makakuha ng trabaho. Nakikipagtulungan ang DVR sa mga organisasyon at negosyo upang makabuo ng mga oportunidad sa pagtatrabaho.

Sino ang sinisilbihan ng DVR

Ang mga taong naghahanap ng makabuluhan, nakakasegurong trabaho ngunit ang kanilang kapansanan ay maaaring magresulta sa isa o higit pang mga hadlang sa pagkamit ng layunin sa pangengempleyo.

Matutulungan ka ng DVR na magkatrabaho

Tutulungan ka ng mga kawani ng DVR na makuha ang impormasyon na kailangan mo upang mahusay na makapagpasya tungkol sa:

- Anong uri ng trabaho ang gusto mo.
- Mga hakbang na kailangan upang maabot ang iyong layunin sa trabaho.



Nang may kasamang suporta mula sa DVR, ikaw ay:

- Magdedesenyo at magsasagawa ng hakbang-hakbang na plano upang maabot ang iyong mga layunin sa pangengempleyo.

Ang Proseso ng Rehabilitasyon

Aplikasyon

- Ibibigay sa iyo ng DVR ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng bokasyonal na rehabilitasyon.
- Dapat mong kumpletuhin ang aplikasyon sa DVR bago masisimulan ang mga serbisyo.
- Susuriin ang iyong aplikasyon ng isang tagapayo ng DVR upang matukoy kung karapat-dapat ka sa mga serbisyo ng DVR.



Pagiging Karapat-dapat

Karapat-dapat ka para sa mga serbisyo ng DVR kung ikaw ay:

- Mayroong pisikal, mental, o pandama na kapansanan na nagreresulta sa pagiging hadlang sa pangengempleyo.
- Nangangailangan ka ng mga serbisyo sa rehabilitasyon sa pagtatrabaho upang magkaroon o magpanatili ng trabaho.
- May kakayahan kang magtrabaho bilang resulta ng pagtanggap ng mga serbisyo ng DVR.

Nangongolekta ng mga record ang iyong koponan sa DVR counseling upang itala ang iyong pagkakakilanlan, kapansanan at estado ng trabaho. Kung walang umiiral na mga tala tungkol sa iyong kapansanan, maaaring kailanganin mong kumpletuhin ang mga medikal na pagsusuri upang mapatunayan o suportahan ang iyong pagiging karapat-dapat.

Listahan ng Naghihintay

Kung hindi mapagsilbihan ng DVR ang bawat karapat-dapat na indibidwal dahil sa mga limitasyon sa pagpopondo, dapat itong magtatag ng isang listahan ng paghihintay para sa mga serbisyo. Ayon sa batas, dapat unahin ng DVR ang mga serbisyo sa mga indibidwal na may pinakamakabuluhang mga kapansanan.

Pipiliin ang mga indibidwal mula sa listahan ng paghihintay batay sa KALUBHAAN ng kanilang kapansanan at sa petsa na nag-aplay sila para sa mga serbisyo. Tutukuyin ng isang tagapayo ng DVR ang kalubhaan ng kapansanan at kategorya ng priyoridad at ipapaalam sa iyo ang pagpapasiya na ito bilang bahagi ng proseso ng pagiging karapat-dapat.

Bokasyonal na Pagtatasa

Gagalugarin mo at ng iyong DVR counselor ang mga uri ng trabaho na tumutugma sa iyong bokasyonal na pagtatasa. Rerepasuhin mo:

- Iyong mga kalakasan, abilidad at interes.
- Iyong kasaysayan sa pananarbaho at mga kasanayan.
- Impormasyon tungkol sa mga lokal na trend sa merkado-ng-trabaho

O maaari ninyong kumpletuhin ang:

- Mga interes at/o mga pagsusuri ng kakayahan.
- Mga pagsusubok ng trabaho.



Plano para sa Trabaho

Naghahandog ang iyong DVR counselor ng patuloy na pagpapayo at gabay upang suportahan ka sa pagbubuo ng iyong Naka-indibidwal na Plano sa Trabaho. Kabilang dito ang:

- Pagpipili ng layunin sa trabaho.
- Pagbabalangkas ng mga hakbang at serbisyong kailangan mo upang maabot ang iyong layunin sa trabaho.
- Pagsasagawa sa mga aktibidad na nakabalangkas sa iyong plano. Maaaring kabilang dito:
 - Pagsasanay at edukasyon.
 - Paghahanap ng trabaho.
 - Pagsasaliksik ng mga mapagkukunan at referral na may kaugnayan sa trabaho.
 - Pagsasanay sa paghahanap ng trabaho.
 - Mga technique sa resume ay panayam.
 - Pag-alalay sa paglalagay ng trabaho.
 - Suporta sa pagpapanatili ng trabaho.

Matagumpay na Nagkaroon ng Trabaho

- Matapos kang makakuha ng trabaho, pananatilihin ng DVR ang pakikipag-ugnayan sa iyo ng hindi bababa sa 90 araw upang matiyak na isang mahusay na tugma ang trabaho.
- Pagkalipas ng 90 araw, kung mahusay ka sa trabaho at walang ibang kinakailangan na serbisyo, magdedesisyon ka at ang iyong DVR counselor kung kailan isasara ang iyong kaso.

Agarang Peligro sa Pagkawala ng Trabaho

- Kung ikaw ay nasa agarang peligro na mawalan ng trabaho dahil sa iyong kapansanan, maaari kang maalalayan ng DVR ng mga partikular na serbisyo sa lalong madaling panahon upang matulungan kang mapanatili ang iyong trabaho.